**Nag-iisip ka ba kung makakatulong ang cochlear implant?**

Isang gabay para sa mga adult na gustong malaman kung ang cochlear implant ay makakatulong sa kanila.

---

## Ano ang cochlear implant?


Ang cochlear implant ay isang aparatong tumutulong sa pandinig. Para ito sa mga taong may malubha o napakalubhang pagkawala ng pandinig at hindi sapat ang naitutulong ng hearing aid.

Iba ang paraan ng paggana nito kaysa sa hearing aid. Imbes na palakasin ang tunog, ginagawa nitong signal ang tunog at direktang ipinapadala sa hearing nerve.

May dalawang pangunahing bahagi ang cochlear implant:

• **Panloob na bahagi (implant)** – inilalagay ito sa ilalim ng balat sa panahon ng operasyon. Mayroon itong manipis na kawad (electrode) na siya namang inilalagay sa gitnang bahagi ng tainga na nagpapadala ng signal sa hearing nerve.

• **Panlabas na sound processor** – isinusuot sa likod ng tainga, tulad ng hearing aid. May magnet ito na kumakapit sa implant






## Para ba ito sa akin?

Maaaring makatulong ang cochlear implant kung:

- May malubha o napakalubhang pagkawala ng pandinig sa parehong tainga
- Nahihirapan kang umintindi ng sinasabi ng iba, kahit may maayos na hearing aid – lalo na sa telepono o sa usapang panggrupo.

Maraming taong may cochlear implant ang nagsasabi na:

- Hindi na sila gaanong umaasa sa pagbasa ng labi
- Mas madali nang sundan ang usapan, lalo na sa pag uusap ng isa-sa-isa.
- Nakakarinig sila ng mga tunog na dati nilang hindi naririnig, tulad ng huni ng ibon, yabag, o alarm

---

## Ano ang mangyayari kung may gusto pa akong malaman?

Kapag na-refer ka para sa cochlear implant assessment, hindi ibig sabihin na kailangan mong magpa-implant o magdesisyon na magpalagay agad nito. Ang cochlear implant assessment ay pagkakataon lang para malaman kung akma ito sa iyo.

### 1. Unang pagbisita

Makikilala mo ang ilang miyembro ng cochlear implant team. Susuriin nila ang iyong pandinig at kakausapin ka tungkol sa iyong nararanasan at kung ano ang inaasahan mo.

### 2. Iba pang pagsusuri

Kung sa unang pagbisita ay mukhang makakatulong ang cochlear implant, iimbitahan ka sa iba pang mga appointment. Maaaring kasama dito ang:

o Mga hearing test
o Mga scan (hal. MRI o CT)
o Pakikipag-usap sa mga espesyalista tulad ng audiologist, rehabilitation specialist, at surgeon

### 3. Pagdedesisyon

Makakakuha ka ng tulong sa pagdidesisyon kung nararapat ba sa iyo ang cochlear implant. Hindi kailangang magmadali – puwede kang mag-isip at magtanong. Puwede ka ring tumanggi o humindi muna at kalaunan ay magbago ng isip.

**Ano pa ang dapat kong malaman?**

• Ang operasyon ay karaniwang simple at ginagawa habang ikaw ay tulog (general anaesthetic)

    • Minsan, puwede rin itong gawin habang gising ka (local anaesthetic). Pag-uusapan ninyo ng surgeon kung ano ang mas angkop sa iyo

• Karamihan sa mga adult ay binibigyan ng isang implant sa NHS (dalawa kung ikaw ay bingi at bulag)

• Pagkatapos ng operasyon, kailangan mong bumalik para sa follow-up at matutong makarinig gamit ang implant – nangangailangan ito ng oras, pagsisikap, at practice.

• Iba-iba ang karanasan ng bawat tao. Sa simula, maaaring kakaiba ang tunog—parang robot o may echo. Normal lang ito. Sa paglipas ng panahon, natututo ang utak na intindihin ang bagong tunog. Maraming tao ang nagsasabi na mas nagiging malinaw at natural ang pakikinig habang nagpa-practice.

• Maaaring mahirap pa ring makarinig sa maingay na lugar, pero kadalasan ay mas nagiging madali ito habang tumatagal.

---

**Araw-araw na buhay na may cochlear implant**

• **Telepono at musika** – Karamihan sa sound processor ay puwedeng ikonekta sa telepono, TV, o musika gamit ang Bluetooth o ibang kagamitan. Sa practice, maraming tao ang nakakabalik sa pagtawag at pakikinig ng musika

• **Tubig at panahon** – Ang mga ito ay water-resistant at kadalasang may waterproof cover. Maaari kang magtanong sa iyong cochlear team tungkol dito.

• **Pagsusuot ng processor** – Isinusuot ito sa araw, tulad ng hearing aid. Tinatanggal ito kapag maliligo at matutulog.

**Mga karaniwang tanong**

**Makakarinig ba ako agad pagkatapos ng operasyon?**
Hindi – karaniwang ino-on ang implant pagkalipas ng 1–4 na linggo, kapag gumaling na ang sugat.

**Operasyon ba ito sa utak?**
Hindi – inilalagay ang implant sa loob ng gitnang tainga, hindi sa utak.

**Maaari ba akong magpa-MRI?**
Oo – karamihan sa modernong implant ay compatible sa MRI, pero kailangan mong sabihin ito sa radiology team.

**Pwede ba ito sa matatanda?**
Oo – kahit ang mga taong nasa edad 80 o 90 ay matagumpay na nagkaroon ng implant at maganda ang naging resulta.

**Alamin pa dito:**

• British Cochlear Implant Group
www.bcig.org.uk

• Hear Together
www.heartogether.org.uk

• National Cochlear Implant Users Association
www.nciua.org.uk